



BISITAHIN ANG WEBSITE na
www.CLEANWATERHONOLULU.com

O
TAWAGAN ANG
TANGGAPAN TUNGKOL SA
KAPALIGIRAN
(ENVIRONMENTAL CONCERN LINE)

768-3300

MGA PINAKAMAGANDANG MAGAGAWA SA PANGANGASIWA SA TUBIG-BAHA



E Mālama I Ka Wai Ola
Pangalagaan ang ating yamang-tubig...
**HANGGANG TAYO
AY NABUBUHAY**

MGA PINAKAMAGANDANG MAGAGAWA NATIN SA PANGANGASIWA

PAGPAPANATILI SA PINAGANDANG
MGA TANAWIN O LANDSCAPE

Ang mga gawain upang mapanatili ang kagandahan ng mga tanawin (landscape) katulad ng pagtabas ng damuhan (mowing), paggupit ng mga punong-kahoy (trimming), pagputol, at paghigup ng mga dahon (leaf blowing) ay maaaring makadumi sa tubig-baha dahil sa mga tira-tirang natabas na damo, mga sanga ng mga punong-kahoy, mga dahon, mga dumi, at mga abono. Maaaring tangayin ng tubig-baha ang mga duming ito papunta sa mga lagusan ng tubig (drainage system) ng Siyudad, na dadaloy naman sa ating mga ilog at baybayin.

Ang mga dumi o pollutants mula sa mga gawain sa pagpapaganda ng mga tanawin ay maaaring makaapekto sa ating kapaligiran o kalikasan. Habang nabubulok sa tubig ang mga bahagi ng mga halaman, gumagamit ang mga ito ng oksiheno na nasa tubig na kinakailangan naman ng mga nabubuhay sa tubig. Ang mga dumi, na tinatawag din na latak (sediment), ay maaaring makabara sa hasang ng mga isda, makatatakip ng tubig, makahaharang ng sinag ng araw na kinakailangan ng mga nabubuhay sa tubig, at makadumi sa mga koraales. Ang mga sobrang pataba na nanggagaling sa mga nabulok na halaman at abono ay maaaring magdulot ng pagdami ng mga lumot (algae), na maaaring haaharang sa sinag ng araw at pauntiin ang oksiheno sa tubig. Hindi lamang iyan, ang mga tira-tira o ginawang basura na halaman at latak ay maaaring sanhi ng pagbabarado ng mga kanal na magdudulot din ng pagbaha.

Ang mga Pinakamagandang Magagawa Natin sa Pangangasiwa o Best Management Practices (BMPs) ay mga simple at epektibong pamamaraan na kailangang gawin upang mapigilan na madumihan ang tubig-baha. Ang pagsasagawa ng mga pangangasiwa (BMPs) sa tubig-baha ay napakalaking bahagi sa pag-aalaga ng yamang-tubig ng Hawaii hanggang tayo ay nabubuhay.



E Mālama I Ka Wai Ola
Pangalagaan ang ating yamang-tubig...
**HANGGANG TAYO
AY NABUBUHAY**


Ang Batas: Ang Batas Tungkol Sa Malinis na Tubig na Pinaiiral ng Gobyerno Pederal (Federal Clean Water Act) ang nagbigay sa Ahensya sa Pangangalaga ng Kapaligiran (Environmental Protection Agency o EPA ng kapangyarihan upang ipatupad ang mga programa na ang layon ay pipigil sa polusyon. Ang mga lokal na batas at mga ordinansa ay sumusuporta rin sa pagpapatupad ng EPA sa mga alintuntunin.

Ang Ordinansa: Ang mga binagong Ordinansa ng Honolulu. Sinasabi ng Seksyon 14-12-23(a) Paglabag sa Pananatili ng Kalidad ng Kapaligiran (Environmental Quality Control-Violation). "Isang paglabag sa batas para sa sinumang tao na magtapon o magiging sanhi ng pagkatapon ng anumang maging sanhi ng polusyon sa anumang pasilidad ng lagusan ng tubig o drainaige na magbubunga ng problema sa polusyon sa mga yamang-tubig ng estado, o magiging sanhi ng anumang paglabag sa anumang probisyon ng permit mula sa City NPDES [National Pollutant Discharge Elimination System] sa itinakda ng Estado ng Hawaii na kalidad ng tubig."

Labag sa batas ang pagtatapon ng anumang bagay na magbubunga ng polusyon sa mga lagusan ng tubig-baha (storm drainage system). Ang mga maglalabag ay pinagmumulta hanggang sa \$25,000 tuwing paglabag, tuwing araw.

PAGMAMANTINE NG MAGANDANG TANAWIN O LANDSCAPE

PAGGUPIT NG PUNONG KAHoy • PAGTABAS NG DAMUHAN
PAG-AABONO SA YARD O BAKURAN



Lungsod at County ng Honolulu
Departmento ng mga Paglilingkod na Pangkapaligiran



E Mālama I Ka Wai Ola
Pangalagaan ang ating yamang-tubig...
**HANGGANG TAYO
AY NABUBUHAY**

PANGANGASIWA SA TUBIG-BAHA

PANGANGALAGA SA ATING YAMANG-TUBIG

Ang ulan na bumabagsak sa mga lugar sa syudad ay dadaloy sa kalsada at matitipon sa mga lagusan ng tubig at tipunan ng tubig o catch basin. Pagkatapos ay dadaloy sa mga tubo at iba pang lagusan na pupunta sa mga ilog at sa dagat. Ang mga latak, mga bahagi ng mga halaman, mga basura, mga likido na ginagamit sa mga sasakyan, at iba pang mga materyal na maaaring tangayin ng tubig-baha ay nagiging sanhi ng polusyon ng ating yaman-tubig.

Ang mga ilog at dagat ay tahanan ng mga isda, halaman at iba pang nabubuhay sa tubig at ang mga ito ay ginagamit na lugar na libangan ng komunidad ng Oahu, at ang mga ito ay nagbibigay ng oportunidad para sa ibat-bang gawain katulad ng pangingsda, paglalangoy, surfing, paninisd, at pamamangka. Ang pagpapanatili ng kalinisan ng tubig-baha ay para sa kabutihan ng lahat. Ang impormasyon na nakalahad sa babasahing ito ay magiging patubay kung papaano maaalagaan ang ating mga ilog at dagat sa pamamagitan ng pagpigil na polusyon sa tubig-baha.



MGA DAPAT GAWIN

- Huwag pabayaang na ang lupa, mga bahagi ng mga halaman, o ang mga nahuhulog na bungang kahoy ay makalalabas sa iyong bakuran sa pamamagitan ng pagwawalis at pagtatapon ng mga ito nang maayos.
- Pigilin ang erosyon o pagkakaanud ng lupa sa pamamagitan ng pagtatanim ng mga halaman at pagpapatibay sa mga lugar na maaaring aanurin ng tubig-baha. Tamnan agad ang mga lugar na walang tanim at kitang-kita na ang lupa rito.
- Iwasang bungkalin ang lupa at pabayaang nakatiwangwang, dahil ito ay maaaring nagbubunga ng erosyon.
- Magtanim ng mga karaniwan at makahoy na halaman sa gilid ng mga daanan ng tubig upang may pansala at bagalan ang daloy ng mga tinangay ng tubig-baha.
- Bigyang-pansin ang mga kinagisnang mga halaman o mga halaman na di masyadong nangangailangan ng tubig kung tatamnan o tatamnan muli ang mga lupaing mga walang tanim.
- Pangalagaan ang mga nakaimbak na materyales; takpan ang mga ito ng trapal o pambalot na plastik upang di mapinsala sa ulan at malakas na hangin.
- Huwag ilagay ang mga pansamantalang nakaimbak na materyales sa malapit sa mga bahagi ng tubig at lagusan ng mga tubig-baha.
- Magtabas ng damuhan, maggupit ng mga punong kahoy, at gawin ang iba pang aktibidad sa pagla-landscape sa panahong maganda ang sinag ng araw at di mahangin.
- Kung maaari, maglagay ng grass pavers, ladrilyo, graba, at iba pang pwedeng ilagay sa lupa upang madaling masipsip ng lupa ang tubig-baha, hindi katulad sa lupang nalagyan ng kongkreto o aspalto na nagiging sanhi ng pagdaloy ng tubig-baha.
- Planuhin ang pagpapaganda ng tanawin (landscaping) at isaalang-alang ang ibubunga ng mga malalaking punong kahoy sa mga lagusan o daanan ng tubig (kagaya ng mga namumungang punong kahoy na malapit sa mga ilog na maaaring magdudulot ng mga nabubulok na bagay).

IRIGASYON O PAGDIDILIG

- Huwag sobrahan ang pagdidilig sa bakurang tinamnan (lawn) o hardin. Gumamit ng mga pamamaraan na nakatitipid ng tubig kagaya ng soaker hoses, micro-sprinklers, at orasan (timers).
- Idisenyo ang mga pandilig o sistema ng irigasyon upang maibagay sa kinakailangang tubig ng lugar na ni-landscape.
- Pagsamasamahin ang mga halaman na nangangailangan ng parehong dami ng tubig upang maiwasan ang pag-agos o pagdaloy ng sobrang tubig na pinandilig at upang mapahusay ang pagsipsip ng lupa ng tubig.
- Laging siyasatin ang mga sistema ng irigasyon upang masigurado na ang tamang dami ng tubig ang ipinandilig at ang sistema ay umaandar nang tama.

MGA ABONO AT PESTISIDYO

- Ipatupad ang integrated pest management, na kung saan ay pagsasamahin ang limitadong paggamit ng pestisidyo kasama ng iba pang pamamaraan ng pampuksa ng mga insekto upang mapaunti ang gastusin at risgo sa kalusugan at sa kapaligiran. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang fact sheet o listahan ng mga kaalaman na ipinamamahagi ng EPA sa <http://www.epa.gov/pesticides/factsheets/ipm.htm>, at ang artikulo mula sa University of Hawaii sa <http://www.ctahr.hawaii.edu/oc/freepubs/pdf/pp-05.pdf>.
- Sundin ang mga alituntunin na nakalagay sa pakete ng kemikal upang maiwasan ang sobrang paggamit nito.
- Idikit ang etiketa sa bagong nalagyan kung ang kemikal ay isinalin mula sa dati nitong nalagyan.
- Imbakin ang mga abono, pestisidyo, at iba pang nakalalasang kemikal na ginagamit sa pagla-landscape sa mga sarado at di napapasukan ng tubig na nalagyan at ilagay ang mga ito sa lugar na natatakpan.
- Iwasang ikalat ang mga abono sa lugar na di nakakasipsip katulad ng mga lugar na sementado.

- Gumamit ng abonong di mabilis matunaw o dahan-dahang nagagamit ng halaman (slow-release fertilizers) na di kasingdalas gamitin kung ihambing sa mga pangkaraniwang abono.
- Huwag hugasan ang mga natapong abono sa kalsada o sa mga lugar na di nakakasipsip katulad ng mga sementado dahil ang tubig na pinanghugas ay madaling makapapasok sa lagusan ng tubig-baha.
- Kung maaari ay gumamit lamang ng mga natural na abono, kagaya ng compost, dumi ng mga hayop, o vermicast.
- Huwag maglagay ng abono o pestisidyo sa halamanan kung umuulan.
- Itapon ng maayos ang mga sobrang abono at pestisidyo. Huwag ibuhos ang mga pestisidyo, langis, o mga produkto na ginagamit sa pagmamantine ng lawn sa kalsada o sa mga lagusan ng tubig-baha. Para sa mga karagdagang impormasyon, para maiskedyul ang iyong pagbisita, o upang makakuha ng impormasyon tungkol sa mga disposal companies o mga kompanyang nagsisiyos ng mga ganitong basura, tumawag sa 768-3201.

BASURA NA GALING SA YARD

- Huwag gumamit ng tubig sa paglinis kundi magwalis at maghigup ng mga dahon (leaf blowing) kung titipunin ang mga basura sa yard para kolektahin.
- Huwag magtapon ng mga dahon o anumang basura na galing sa yard sa kalsada, sa lagusan ng tubig-baha, o sa mga ilog.
- Ang paggamit muli sa mga natabas na damo, o pag-iwan ng mga natabas na damo sa lawn, ay makatutulong para maibalik ang halumigmig o moisture at mga sustansya sa lupa.
- Gawing compost ang mga basura sa yard, i-mulch para maging abono, o iresaykel sa Lungsod

sa pamamagitan ng paglalagay nito sa mga kulay-berdeng bin para makolekta at maresaykel. Ang mga basura sa yard ay maaari ding iwan sa mga City Convenience Centers. Ang mga malalaking pangkalakal na lumilikha ng nabubulok na halaman at dapat dalhin ang mga ito sa pasilidad na gumagawa ng compost sa Hawaiian Earth Products. Para sa higit pang impormasyon, pakitingnan ang http://www.opala.org/solid_waste/what_goes_where_table.html#green.



Para sa Higit pang Impormasyon

**Tanggapan Tungkol sa Kapaligiran
(Environmental Concern Line) 768.3300
o www.cleanwaterhonolulu.com**

IPAALAM ANG BARADONG LAGUSAN NG TUBIG-BAHA O TIPUNAN NG TUBIG (CATCH BASIN)
KUMUHA NG MGA FACT SHEETS AT MGA MATERYAL NA EDUKASYONAL
KUMUHA NG IMPORMASYON TUNGKOL SA IBAT-IBANG PERMIT PARA SA LAGUSAN NG TUBIG-BAHA